DULA

Kahapon, Ngayon at Bukas: Buod at Gawain

Dulang sedisyoso. Ang buod at gawaing ito ay inihanda ng akingmaiklingkwento.com batay sa mga pinagkunang nakalista sa dulo.

Buod ng Kahapon, Ngayon at Bukas

Isa itong alegorya: sagisag ng isang bagay na totoo ang bawat tauhan. Ang sentro ng dula ay si Inang Bayan, ang Pilipinas, na inaapi ng sunud-sunod na mga dayuhan at ng mga kapwa Pilipinong nagtataksil sa kanya.

Sa isang bahagi, dumarating si Inang Bayan kasama si Taga-Ilog sa gitna ng isang pagdiriwang at binabalaan ang kanyang mga anak, ngunit tinatawanan lamang siya. Si Taga-Ilog, na tinatawag ding Juan de la Cruz, ay ang karaniwang Pilipino na nakagapos at nakabilanggo sa simula ng dula.

Ang pinakatanyag na eksena ay ang paglaya ni Taga-Ilog: ibinabagsak niya ang watawat ng mga Amerikano, tinatapakan ito hanggang mapunit, pinuputol ang kanyang tanikala at pinipilit buksan ang bilangguan. Sumisigaw ang iba pang tauhan ng "Mabuhay ang Kalayaan! Mabuhay ang Inang Bayan!", at nagwawagi si Inang Bayan laban sa kanyang mga umaapi.

Ito ay buod ng mga bahaging nakumpirma namin sa mga pinagkunan sa dulo ng pahina. Hindi namin mailalahad nang yugto-por-yugto ang takbo ng dula dahil hindi pare-pareho ang mga buod na nabasa namin. Para sa buong diyalogo, basahin ang teksto ng dula (dominyo publiko na ang akda) o ang inyong modyul.

Mga tauhan

- Inang Bayan: Ang Inang Bayan o Pilipinas; nagtatagumpay laban sa mga umaapi sa kanya.
- Taga-Ilog (Juan de la Cruz): Ang bayaning Pilipino; nakagapos at nakabilanggo sa simula, at siyang pumupunit sa watawat at bumabasag sa tanikala.
- Haring Bata: Sagisag ng Lumang Tsina.
- Halimaw: Sagisag ng mga prayleng Espanyol, na nanatiling may kapangyarihan sa simbahan at sa pulitika ng bayan.
- Dilat-na-Bulag: Sagisag ng Espanya ("nakadilat ngunit bulag").

- Bagong Sibol: Sagisag ng Estados Unidos, ang bagong kapangyarihang kapitalista.

Ang pagtatanghal at ang pag-aresto

- Mayo 1903: Itinanghal ang dula sa Teatro Libertad, Maynila, sa harap ng punong-punong manonood.
- 14 Mayo 1903: Inaresto si Tolentino matapos ang pagtatanghal. Inako niya ang buong pananagutan bilang manunulat at direktor, kaya hindi na inaresto ang mga artista at manonood, ayon sa Bulatlat.
- Hatol: Hindi magkakatugma ang mga tala: sa sariling talambuhay ni Tolentino, dalawang taon ng hard labor at multang $2,000; sa ibang pag-aaral, habambuhay na pagkabilanggo na pinaikli ni Gobernador-Heneral W. Cameron Forbes. Binanggit ng Bulatlat ang pagpapatawad noong 1912.

Aral

- Ang kalayaan ay hindi ibinibigay; ipinaglalaban ito ng sambayanan.
- Dapat maging mapagbantay ang bayan sa mga dayuhang nanlilinlang at sa kapwa Pilipinong nagtataksil.
- Ang sining, lalo na ang dula, ay maaaring maging sandata ng pagpapahayag ng damdaming makabayan.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Sino ang sumulat ng Kahapon, Ngayon at Bukas at saan ito itinanghal?
2. Bakit tinatawag itong dulang sedisyoso?
3. Ano ang kinakatawan nina Inang Bayan, Halimaw, Dilat-na-Bulag at Bagong Sibol?
4. Ano ang pinakatanyag na eksena ng dula?
5. Ano ang ibig sabihin ng pamagat?
6. Bakit kaya gumamit ng mga tauhang sagisag ang may-akda sa halip na tuwirang pagtuligsa? Ipaliwanag.

Mga sagot

1. Si Aurelio Tolentino, sa Teatro Libertad sa Maynila noong Mayo 1903.
2. Dahil tumuligsa ito sa pananakop ng mga Amerikano at hinikayat ang pagnanais ng kalayaan, kaya inaresto ang may-akda sa salang sedisyon.
3. Inang Bayan: ang Pilipinas; Halimaw: ang mga prayleng Espanyol; Dilat-na-Bulag: ang Espanya; Bagong Sibol: ang Estados Unidos.
4. Ang paglaya ni Taga-Ilog: ibinabagsak niya ang watawat ng mga Amerikano, pinuputol ang kanyang tanikala at binubuksan ang bilangguan.

5. Karaniwang binabasa bilang tatlong panahon: ang kahapon (panahon ng mga Espanyol), ang ngayon (pananakop ng mga Amerikano) at ang bukas (pag-asa sa kalayaan).

6. Malayang sagot. Maaaring banggitin na ang alegorya ay paraan ng pagpapahayag nang hindi tahasan, at nagpapadama rin ito ng damdamin sa manonood.

Mga pinagkunan

• Bulatlat: artikulo tungkol sa dula (mga tauhan, sagisag, eksena at pag-aresto) (https://www.bulatlat.com/?p=8847)

• Wikipedia: Aurelio Tolentino (talambuhay, pag-aresto at mga bersyon ng hatol) (https://en.wikipedia.org/wiki/Aurelio_Tolentino)